ACTS
Anchored in Christ The Savior
CHURCH



BUHAY KAY KRISTO

7-Araling gabay sa Pagdidisipulo

7-ARALING PAGLALAKBAY SA PAGDIDISIPULO PARA SA MGA BAGONG MANANAMPALATAYA

TALAAN NG NILALAMAN

2 **Panimula**
- Pahayag ng Layunin
- Inirerekomendang Paggamit
- Hangarin

3 **Aralin 1**
Ang Nakakapagpabagong Realidad: Bagong Buhay

4 **Aralin 2**
Pagsisisi at Pananampalatayang Isinasabuhay

5 **Aralin 3**
Pagsuko sa Kalooban ng Diyos

6 **Aralin 4**
Ang Makapangyarihang Puwersa: Pag-ibig at Sakripisyo ni Cristo

7 **Aralin 5**
Kabanalan at Pagbabago sa Araw-araw na Buhay

8 **Aralin 6**
Ang Tawag sa Ministeryo ng Pakikipagkasundo

9 **Aralin 7**
Pamumuhay nang may Pag-asa at Matamang Pagtanaw sa Hinaharap

Pahayag ng Layunin:

Ang gabay na ito ay dinisenyo upang tulungan ang mga bagong mananampalataya na maunawaan kung ano ang ginawa ng Diyos para sa kanila sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at kung paano ipamuhay ang kanilang bagong pagkakakilanlan sa Kanya. Sa pitong araling ito, kayo at ang inyong tagapagdisipulo ay maglalakad na magkasama sa mahahalagang katotohanan tungkol sa kaligtasan, pagbabago, pagsunod, at pag-asa. Ang bawat aralin ay gagabay sa inyo upang higit na makilala si Cristo, higit Siyang mahalin, at mas tapat Siyang sundin.

Inirerekomendang Paggamit:

- Madalas na makipagkita sa inyong tagapagdisipulo.
- Basahin nang magkasama ang mga talata ng Kasulatan at mga paliwanag.
- Talakayin nang tapat ang mga tanong at isagawa ang mga praktikal na gawain.
- Manalangin nang magkasama para sa paglago, katapatan, at mas malalim na pag-ibig kay Cristo.

Hangarin:

Na ikaw ay lumago sa higit na pagmamahal kay Jesus, higit na kapootan ang kasalanan, at mamuhay araw-araw na may kagalakan, layunin, at pag-asa bilang isang bagong nilalang kay Cristo.

ARALIN 1
ANG NAKAKAPAGPABAGONG REALIDAD: BAGONG BUHAY KAY CRISTO

Kasulatan: 2 Corinto 5:17

Punto ng Paglago: Pag-unawa sa inyong bagong pagkakakilanlan kay Cristo.

Paliwanag:

Kapag ang isang tao ay nakipag-isa kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ay nagiging "bagong nilalang" (2 Corinto 5:17). Ang pagbabagong ito ay hindi bunga ng pagsisikap o pasya ng tao, kundi ng soberanong gawain ng Diyos sa pamamagitan ng nagpapabagong-buhay na kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Bago itong paggalaw ng kamay ng Diyos, ang tao ay patay sa espiritu dahil sa kasalanan, hindi makalapit at ayaw hanapin ang Diyos (Efeso 2:1; Roma 3:11). Ngunit sa biyaya ng Diyos lamang, siya ay binuhay kay Cristo, pinatawad, at binigyan ng bagong puso (Efeso 2:4-5; Ezekiel 36:26-27).

Ang pagbabagong-loob ay hindi lamang pagbabago ng moralidad kundi isang radikal na pagpapanibago ng kaluluwa. Ang dating mga hangarin, prayoridad, at makasariling layunin ng dating katauhan ay napapalitan ng bagong pagnanais na sumasalamin sa kabanalan at kagandahan ng Diyos. Ang nananahang Espiritu ang nagbibigay-lakas upang lumakad sa pagsunod—hindi upang magtamo ng pabor, kundi bilang patunay ng bagong buhay at pakikipag-isa kay Cristo. Ang bagong pagkakakilanlang ito ay nakasalig sa pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang; ipinahayag na matuwid sa harap ng Diyos dahil sa ganap na gawa ni Cristo. Ang mananampalataya ngayon ay hindi na nabubuhay para sa sarili kundi para sa kaluwalhatian ng Diyos, namumuhay sa mabubuting gawa na inihanda na noon pa man (Efeso 2:10). Ito ang simula ng panghabambuhay na pagpapabanal, pinananatili ng biyaya at nakatuon sa pagiging kawangis ni Cristo.

Halimbawang Biblikal:

Ang pagbabago ni Saulo na naging si Pablo (Gawa 9). Siya ay malinaw na halimbawa ng isang dating umuusig sa mga Cristiano na naging isang masigasig na apostol—patunay ng radikal na pagbabago ng Diyos sa kanyang puso at direksyon.

Mga Tanong sa Talakayan:

- Paano mo nakitang nagsisimula nang magbago ang iyong buhay mula nang ikaw ay maging tagasunod ni Jesus?
- Ano ang kahulugan sa iyo ng iyong bagong pagkakakilanlan ngayong ikaw ay na kay Cristo na?

Praktikal na Gawain:

- Isulat ang tatlong mga paraan kung paano binabago ng Diyos ang iyong mga hangarin o prayoridad.
- Manalangin nang may pagpapasalamat sa Diyos araw-araw para sa bagong pagkakakilanlan mo.

ARALIN 2
PAGSISISI AT PANANAMPALATAYANG ISINASABUHAY

Kasulatan: 1 Juan 1:9

Punto ng Paglago: Patuloy na paglinang ng pagsisisi at pagdepende kay Cristo.

Paliwanag:
Ang pamumuhay bilang bagong nilalang kay Cristo ay nangangahulugan ng patuloy na pagtalikod sa kasalanan at mas lumalalim na pagdepende sa Kanyang katuwiran. Sa soberanong biyaya ng Diyos, ang pagsisisi ay hindi lamang isang panandaliang pasya noong tayo ay maligtas; ito ay panghabambuhay na kalalagayan ng puso na may kababaang-loob, pagpapahayag ng kasalanan, at pagnanais ng kabanalan na bunga ng gawain ng Espiritu.

Ang tunay na pagsisisi ay nagmumula sa pananampalatayang nagliligtas at pinananatili ng nananahang Banal na Espiritu, na nag-uusig, naglilinis, at humuhubog sa atin upang maging kawangis ni Cristo (Roma 8:29; Filipos 1:6). Ang pagsisising ito ay hindi gawa natin upang makamit ang pabor ng Diyos, kundi bunga ng kapanganakang muli at isang tugon sa Kanyang kahabagan.

Ang pananampalataya ang nag-aangkla at nagpapanatiling matatag sa mananampalataya hindi sa sariling kabutihan, kundi sa ganap na gawa ni Jesus. Habang araw-araw nating kinikilala ang ating pangangailangan sa biyaya at nagpapasakop sa paghahari ni Cristo, ang ating mga hangarin ay binabago at unti-unting nababali ang kapangyarihan ng kasalanan. Ang buhay Cristiano ay nagiging paglalakbay ng pagpapabanal—isang proseso ng pagbabago, pagpapanibago, at patuloy na pagsunod o pag-ayon sa kalooban ng Diyos.

Ang pagsisisi at pananampalatayang Isinasabuhay ay nakikitang mga bunga ng pusong nakipagkasundo na sa Diyos: isang buhay na nagpapahayag ng kasalanan, kumakapit kay Cristo, at lumalakad sa liwanag gaya ng Siya ay nasa liwanag (1 Juan 1:7–9).

Halimbawang Biblikal:
Ang pagsisisi ni Haring David matapos ang kanyang pagkakasala kasama si Batseba (Awit 51). Siya ay nagpapakita ng kababaang-loob at pagbabalik sa buong pusong debosyon sa Diyos.

Mga Tanong sa Talakayan:
- Anong mga bahagi ng iyong buhay ang may kasalanang kailangan mo nang talikuran?
- Paano mo maipakikita sa iyong araw-araw na pamumuhay ang pagtitiwala sa katuwiran ni Cristo sa halip na sa sarili mong kabutihan?

Praktikal na Gawain:
- Itala ang mga sandali ng pagkakasala, pagsisisi, at ang nararanasang kapatawaran mula sa Panginoon.
- Hilingin sa Diyos araw-araw na tulungan kang tumalikod sa kasalanan at magtiwala sa Kanya.

ARALIN 3
PAGSUKO SA KALOOBAN NG DIYOS

Kasulatan: Lucas 22:42

Punto ng Paglago: Pamumuhay na nagpapasakop sa plano ng Diyos.

Paliwanag:
Kapag ang isang tao ay dinala sa pananampalataya sa pamamagitan ng soberanyang biyaya ng Diyos, ang kanyang buhay ay sumasailalim sa isang pangunahing pagbabago—mula sa pamumuno ng sarili tungo sa masayang pagpapasakop sa paghahari ni Cristo. Hindi na pinamamahalaan ng personal na ambisyon o makamundong karunungan, ang mananampalataya ay natutong magtiwala at sumunod sa soberanyang kalooban ng Diyos.

Ang pagsukong ito ay hindi pasibong pagtanggap lamang kundi isang aktibong pagtitiwalang pinagtitibay ng Espiritu—ganap na ipinakita ni Jesus sa Getsemani: "Hindi ang aking kalooban kundi ang Inyo ang mangyari" (Lucas 22:42). Ang isuko ang bawat bahagi ng buhay—mga pasya, hangarin, relasyon, at ambisyon—ay ang yakapin ang mga layunin ng Diyos, kahit ito ay mahiwaga o may kabayaran, sapagkat ang Kanyang karunungan ay ganap at ang Kanyang mga plano ay mabuti (Roma 12:1–2; Kawikaan 3:5–6).

Ang ganitong pagpapasakop ay tanda ng espirituwal na kalaguan at bunga ng muling kapanganakan. Binabago nito ang paraan ng ating pamumuhay: ang ating mga prayoridad ay naisasaayos, ang ating mga layunin ay naililinaw, at ang ating mga pagpili ay nasasala ayon sa Kasulatan at sa patnubay ng Banal na Espiritu. Ang isinukong buhay ay hindi walang direksyon; ito ay naka-angkla sa katiyakang ang Diyos ay kumikilos sa lahat ng bagay para sa Kanyang kaluwalhatian at sa ating walang hanggang kabutihan (Roma 8:28).

Halimbawang Biblikal:

Si Jesus sa Getsemani. Siya ay nanalangin, "Hindi ang aking kalooban kundi ang Iyo ang mangyari" (Lucas 22:42), na nagpapakita ng ganap na pagpapasakop sa plano ng Diyos kahit sa gitna ng pagdurusa.

Mga Tanong sa Talakayan:

- Sa anong mga bahagi ng iyong buhay pinakanahihirapang magpasakop sa Diyos?
- Paano mo mas maiaayon ang iyong mga araw-araw na pasya ayon sa Kanyang kalooban?

Praktikal na Gawain:

- Tukuyin ang mga bahagi ng iyong buhay na hindi mo pa naisusuko sa Diyos.
- Manalangin araw-araw para sa patnubay sa mga bahaging iyon.

ARALIN 4
ANG MAKAPANGYARIHANG PUWERSA: PAG-IBIG AT SAKRIPISYO NI CRISTO

Kasulatan: 2 Corinto 5:14–15

Punto ng Paglago: Pamumuhay na inuudyukan ng pag-ibig ni Cristo.

Paliwanag:
Ang pag-ibig ni Cristo para sa mananampalataya ang makapangyarihang lakas sa likod ng kanyang buhay (2 Corinto 5:14–15). Sa pamamagitan ng soberanyang biyaya ng Diyos, si Cristo ay namatay bilang kahalili ng Kanyang mga tagasunod, pinasan ang kanilang kasalanan at tiniyak ang kanilang pakikipagkasundo sa Diyos. Dahil nakipag-isa sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga mananampalataya ay hindi na namumuhay para sa kanilang sarili; sila ay tinawag upang mabuhay para sa Kanya na namatay at muling nabuhay.

Ang pag-ibig na ito ang pumupukaw sa pag-ibig ng mananampalataya kay Cristo (1 Juan 4:19; Roma 5:5). Ito ay konkreto, nadarama at nagbubunga ng praktikal na pagsunod at araw-araw na pagsuko. Ang espirituwal na paglago ay nagmumula sa katiyakan, hindi sa pagkabalisa; mula sa taos-pusong pasasalamat, hindi dahil sa sumbat ng budhi. Ang buhay ng mananampalataya ay hinuhubog sa pamamagitan ng gawain ng Espiritu, na nagbubunga ng maligayang pagpapasakop at taos-pusong debosyon.

Ang kamalayan sa sakripisyo ni Cristo ay naggaganyak sa isang buhay ng pagsamba, pagsunod, at pag-ibig.

Halimbawang Biblikal:
Ang babaeng nagbuhos ng mamahaling pabango sa mga paa ni Jesus (Lucas 7:36–50). Ang kanyang labis na pagpapahayag ng pag-ibig ay tugon ng isang pusong nakaranas ng kapatawaran—patunay na ang pagkaunawa sa sakripisyo ni Cristo ay nagpapabago ng mga kilos ng isang pinatawad.

Mga Tanong sa Talakayan:
- Paano ka hinihikayat ng pag-ibig ni Cristo sa iyong pamumuhay?
- Mayroon ka bang naiisip na isang gawa ng pagsunod na tinatawag kang gawin bilang pasasalamat kay Hesus?

Praktikal na Gawain:
- Sumulat ng isang maikling panalangin na nagpapahayag ng pasasalamat sa pag-ibig ni Cristo.
- Gumawa ng mga konkretong hakbang ng pagsunod sa Kanya bilang bunga ng iyong pagmamahal sa Kanya.

ARALIN 5
KABANALAN AT PAGBABAGO SA ARAW-ARAW NA BUHAY

Kasulatan: 1 Pedro 1:15–16; Roma 12:2

Punto ng Paglago: Pagsasalamin ng katangian ng Diyos sa pang-araw-araw na mga pagpapasya.

Paliwanag:
Ang patunay na ang isang tao ay bagong nilalang na kay Cristo ay ang isang buhay na unti-unting nahuhubog ayon sa Kanyang kabanalan. Sa pamamagitan ng soberanyang biyaya ng Diyos, ang muling kapanganakan ang pasimula ng gawaing pagpapabanal ng Banal na Espiritu, na kung saan ang mananampalataya ay binibigyan ng kakayahang labanan ang kasalanan at itaguyod ang katuwiran (Roma 6:4; Tito 2:11–12). Ang kabanalan ay hindi opsyonal o para lamang sa mga tagapanguna; ito ay panawagan sa bawat mananampalataya, bunga ng pakikipag-isa kay Cristo at sa Banal na Espiritu na nakatira sa puso niya (1 Pedro 1:15–16; Roma 12:2).

Ang pagbabagong ito ay hindi lamang teorya kundi ito ay nakikita at praktikal. Ipinapakita ito sa pang-araw-araw na mga pagpapasya, saloobin, at kilos na sumasalamin sa katangian ng Diyos. Ang mananampalataya ay nagsisimulang magpasya sang-ayon sa Banal na Kasulatan, at nililinang ang mga katangiang tulad ng pag-ibig, pagtitiyaga, kababaang-loob, at katapatan. Habang hinuhubad ang lumang pagkatao at isinusuot ang bagong pagkatao (Efeso 4:22–24), ang kanyang buhay ay nagiging buhay na patotoo ng nagpapabanal na biyaya ng Diyos.

Ang kabanalan sa araw-araw na buhay ay bunga ng pananatili kay Cristo—isang buhay na patuloy na sumasalamin sa Kanyang kadalisayan, kahabagan, at katotohanan sa bawat aspeto: sa tahanan, trabaho, at mga relasyon.

Halimbawang Biblikal:
Si Zaqueo (Lucas 19:1–10). Matapos makatagpo si Jesus, agad siyang tumalikod sa kasakiman at kawalan ng katarungan, at piniling ituwid ang kanyang mga pagkakamali at mamuhay ng marangal—isang patunay na ang tunay na kaligtasan ay laging nagbubunga ng nakikitang pagbabago.

Mga Tanong sa Talakayan:
- Aling mga bahagi ng iyong buhay ang sa gabay ng Espiritu ay nangangailangan pa ng higit pang pagpapabanal?
- Sa anong praktikal na paraan mo maipapakita ang katangian ng Diyos sa iyong mga kilos?

Praktikal na Gawain:
- Pumili ng isang katangiang Kristiyano (halimbawa: pagtitiyaga, katapatan, pag-ibig) na pagsisikapan mong isabuhay araw-araw.
- Itala sa iyong journal kung paano ka tinutulungan ng Diyos na lumago sa aspetong ito.

ARALIN 6
ANG TAWAG SA MINISTERYO NG PAKIKIPAGKASUNDO

Kasulatan: 2 Corinto 5:18–20

Punto ng Paglago: Pag-unawa sa iyong papel sa misyon ng Diyos.

Paliwanag:
Sa pamamagitan ng soberanyang biyaya ng Diyos, kapag ang isang tao ay nakipag-isa kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ay ganap na nakipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang handog na pantubos. Ang kanyang relasyon sa Ama ay naibalik; hindi na siya kinondena kundi inaring-ganap sa biyaya (Roma 5:1; 2 Corinto 5:18–19). Ang pakikipagkasundong ito ay hindi lamang pagbabago ng katayuan; ito ay isang radikal na pagbabago ng pagkakakilanlan: ang mananampalataya ay muling isinilang, tinahanan ng Banal na Espiritu, at ginawang bagong nilalang kay Cristo (2 Corinto 5:17).

Mula sa sandali ng muling kapanganakan, ang bawat mananampalataya ay pinagkatiwalaan ng banal at nakagagalak na tungkuling maging lingkod ng Diyos bilang tagapagdala ng mensahe ng pakikipagkasundo. Ang tawag na ito ay hindi opsyonal o para lamang sa iilang piling mananampalataya; ito ay ang akmang tugon ng isang taong tinubos na pinuspos ng Espiritu Santo.

Ang mamuhay bilang isang bagong nilalang ay ang pagyakap sa katungkulan bilang embahador na binigay ni Cristo: kinakatawan ang Kanyang kaharian, ipinahahayag ang Kanyang Mabuting Balita, nananalangin para sa mga nawawala, at isinasabuhay ang Kanyang biyaya sa bawat salita, kilos, at relasyon. Ang buhay ng mananampalataya ay nagiging buhay na patotoo sa kapangyarihan ng pagliligtas ng Diyos, itinuturo ang iba sa pag-asa, kapayapaan, at pagbabagong matatagpuan kay Hesus lamang.

Halimbawang Biblikal:
Si Felipe at ang Etiopeng eunuko (Gawa 8:26–40).
Ipinaliwanag ni Felipe ang ebanghelyo, inakay siya sa pananampalataya, at binautismuhan siya—aktibong nakibahagi sa gawain ng Diyos na pakikipagkasundo.

Mga Tanong sa Talakayan:
- Sino sa iyong buhay ang kasalukuyang nangangailangang makarinig tungkol sa kapatawaran ng Diyos?
- Paano ka magiging mas aktibong kabahagi sa misyon ng Diyos?

Praktikal na Gawain:
- Manalangin araw-araw para sa isang partikular na taong hindi pa nakakakilala kay Jesus.
- Ibahagi ang ebanghelyo sa anumang paraan, maging sa isang simpleng usapan lamang.

ARALIN 7
PAMUMUHAY NANG MAY PAG-ASA AT MATAMANG PAGTANAW SA HINAHARAP

Kasulatan: 2 Corinto 5:21; Roma 8:18–30

Punto ng Paglago: Pamumuhay na may walang hanggang pag-asa at pagtitiyaga.

Paliwanag:

Sa pamamagitan ng soberanyang biyaya ng Diyos, ang buhay ng isang mananampalataya ay malalim na hinuhubog ng pag-asa ng pagluwalhati—ang ipinangakong katuparan ng pagtubos, kung saan ang mga nakipag-isa kay Cristo ay ganap na mahuhubog ayon sa Kanyang larawan at makikibahagi sa Kanyang kaluwalhatian (2 Corinto 5:21; Roma 8:18–30). Ang pag-asang ito ay hindi isang malabong hangarin lamang, kundi isang tiyak na katotohanang nakasalig sa katuwiran ni Cristo at pinananatili ng Kanyang patuloy na pamamagitan para sa atin.

Ito ang nag-aangkla sa kaluluwa ng mananampalataya sa gitna ng pagdurusa, pinaaalalahanan tayo na ang kasalukuyang mga pagsubok ay may layunin at panandalian kung ihahambing sa walang hanggang bigat ng kaluwalhatiang inihahanda para sa atin. Ang pananaw na ito ay nagbibigay-lakas upang magpatuloy sa kabanalan, sapagkat ang pagpapabanal ay bahagi ng mas dakilang layunin na hahantong sa pagluwalhati.

Ang paghahangad ng mananampalataya sa kabanalan ay hindi bunga ng takot o sariling pagsisikap, kundi ng pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos na bumago ng buhay. Ang pansamantalang mga pakikibaka, bagaman totoo, ay tinitingnan sa liwanag ng mga walang hanggang pangako na nagbibigay-kahulugan at direksyon sa bawat aspeto ng buhay. Sa ganitong pananaw, ang araw-araw na pagsunod ay nagiging isang pagsamba, at ang bawat sandali ay naipapamuhay sa pag-asang darating ang araw na ang pananampalataya ay magiging paningin at si Cristo ay ganap na mahahayag sa atin.

Halimbawang Biblikal:

Ang pagtitiis ni Pablo sa gitna ng pag-uusig (2 Corinto 11:23–28). Siya ay nagpakita kung paano mamuhay na may walang hanggang pag-asa habang nananalig sa ganap na gawain ng pagtubos ng Diyos.

Mga Tanong sa Talakayan:

- Paano naaapektuhan ng pag-asa sa iyong muling pagluwalhati ang iyong mga pang-araw-araw na pagpapasya?
- Sa anong mga praktikal na paraan mo maipapaalala sa iyong sarili ang mga walang hanggang pangako ng Diyos sa tuwing ikaw ay pinanghihinaan ng loob?

Praktikal na Gawain:

- Magnilay araw-araw sa mga pangako ng Diyos para sa iyong hinaharap kay Cristo.
- Sumulat ng isang maikling panalangin na muling nagtatalaga ng iyong buhay para sa Kanyang mga walang hanggang layunin.



ISINULAT NI RICHARD R. LEE • *DINISENYO NI* RIZA MAE A. COLESIO
ISINALIN NI ALFREDO K. CUDIAMAT